PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 33 OCTOBER 11 - 17, 2021 10.00

# VAXCERTPH, INILUNSAD PARA SA LESS HASSLE TRAVEL NG MGA BIYAHERO

**Kamakailan ay ipinakilala ng Department of Information and Communications Technology (DICT) ang National Digital Vaccine Certificate (VaxCertPH) sa publiko para sa mas madaling proseso ng pagbiyahe ng mga OFWs at biyahero mula Cental Luzon at Calabarzon.**

Ang VaxCertPH ay ang magiging opisyal na katibayan ng mga indibidwal na sila ay bakunado na at maaaring bumiyahe sa loob at labas ng bansa.




Kaugnay nito, ibinahagi ni DICT Usec. Emmanuel Rey Caintic na kakailanganin nila ang sertipikong ito para sa katiyakan ng kaligtasan ng kanilang kalusugan bago magpunta sa kanilang destinasyon, kung saan nagpasalamat rin siya sa mga LGus na nag-set up ng data rectification booths para rito.

Ipinahayag naman ni Department of Interior and Local Government (DILG) Usec. Jonathan Malaya na tanging mga OFWs at pasahero mula sa Central Luzon, Calabarzon at NCR pa lamang ang makakagamit ng nasabing portal.

Aniya, nilunsad ang VaxCertPH portal para sa mga indibidwal na walang cellphone, hindi makapag-download ng digital certificate at kinakailangan pang mag-print at para sa mga nangangailangang maitama ang kanilang data.

"Our ultimate target is that people no longer have to go to the booths since the application is self-service and downloadable. So, the fewer people who go to the booth, the better," ani Malaya.

Target rin nilang opisyal na mapalawig ang pagpapakilala sa nasabing application sa buong bansa sa katapusan ng Oktubre.

Para sa mga OFWs at international passengers, narito ang link para sa mga karagdagang impormasyon: www.vaxcert.doh.gov.ph

# LABI NG NAWAWALANG CONSTRUCTION WORKER, NAHUKAY SA TALAHIBAN SA CAVITE CITY

Natunton na ng mga awtoridad ang bangkay ng 22 taong gulang na nawawalang construction worker na nakagapos sa isang talahiban sa Cavite noong Huwebes.

Buwan ng Setyembre pa nang maiulat na nawawala ang biktima na si Ricky Boy Aleman sa Barangay 24, Caridad, kung saan nagawang matukoy ito mula sa mga detalye ng informat at salarin na umaming pumaslang sa biktima na nadakip nitong Miyerkules sa isang buy-bust operation.

Kinilala sa ngalang alyas "Toy" ang suspek na kung saan inamin niya na may iba pa siyang kasamahang lalaki na pumatay kay Aleman at nagbaon sa kaniyang katawan.

Napagalaman na si Toy ay isang opsiyales ng barangay na sangkot umano sa ilegal na gawain gaya ng droga, batay sa ulat ni Cavite City Police Chief Police Lt. Col. Gilbert Cruz.

Pinaniniwalang ang pagsusumbong ng biktima sa mga pulis na nagnakaw ang suspek ng motorsiklo para ibenta ang mga bahagi nito ang naging motibo sa pagpaslang sa biktima.

Iginiit ni Toy na hindi siya nagnakaw ng motor at sinabing may papatayin din noon ang biktima kaya nila ginawa ang nasabing krimen. Itinanggi rin nito ang bintang na may iba siyang pinaslang ngunit sinusuri na ito ng ahensiya.

Kaugnay nito, humingi ng paumanhin ang suspek sa pamilya ng biktima at kasalukuyan na ring pinaghahanap ang 2 itinuturong kasamahan sa




# 170-BED MEGA ISOLATION FACILITY SA DASMARIÑAS, BINUKSAN

Pinasinayaan ng pamahalaang lungsod ng Dasmariñas noong Martes ang isang mega-isolation facility sa Barangay Humayao Langkaan bilang parte ng kanilang coronavirus disease (COVID-19) response.

Ang pagpapasinaya ay naka-iskedyul bilang bahagi ng pagdiriwang para sa Araw ng Dasmariñas.

Sa sang post sa Facebook, sinabi ni Mayor Jenny Barzaga na ang 170-bed capacity ng pasilidad ay mayroong kumpletong mga kagamitan para sa mga nahawaan ng COVID-19.

Ang mga residente na mananatili sa isolation facility ay bibigyan ng pagkain, kinakailangang mga gamot, at atensyong medikal hanggang makuha nila ang clearance upang makauwi.

Bukod sa mga isolation rooms, mayroon di itong botika, mga nurse quarters, at silid ng pagpapayo.

# TARGET HERD IMMUNITY, NAKAMIT NA NG TAGAYTAY

Napagtagumpayan ng Tagaytay ang pagkamit ng Herd Immunity dahil sa kabuuang bilang na 58, 636 na bakunadong mamamayan ng lungsod, Oktubre 9.

Ibinahagi ni Tagaytay Hon. Athena Tolentino na upang makamit ang herd immunity kontra sa COVID-19, kinakailangan na maturukan ang kabuuang populasyon ng lungsod na mayroong 83, 320.

"Sa ngayon ay bakunado na ang 58,636 na residente ng Tagaytay o higit 70% ng buong poulasyon. Ibig sabihin nito, nakamit na ng ating lungsod ang #HerdImmunity," ayon kay Hon. Tolentino.

Dagdag pa rito, ang Tagaytay rin ang unang lungsod na nakamtan ang vaccination goals sa rehiyon ng Calabarzon, batay sa DOH Region IV-A (Calabarzon).

Nagpabatid ng pagbati si Tagaytay City Health Officer Dr. Liza Capupus sa tagumpay na nakamtan ng lokal na pamahalaan sa pagbabakuna, mga healthcare equipments at seguridad sa suplay ng bakuna na mula sa suporta ni Mayor Agnes Tolentino.

Mula sa target na 600 na indibidwal kada araw ay naging 1, 500-2, 000 na ang kanilang naging vaccination goal mula sa nasabing programa.

Gayunpaman, bagamat nakamtan ng Tagaytay ang Herd Immunity, nagpaalala naman si Dr. Capupus na dapat pa ring mag-ingat ang publiko upang maiwasan pa rin ang pagkakasakit higit lalo ngayong panahon ng pandemiya.

# PROYEKTONG RECYCLED SOLID WASTE ON WHEELS, INILUNSAD SA ALFONSO

Ibinahagi ni Alfonso Mayor Randy Salamat ang proyektong Recycling Solid Waste on Wheels (RS-WOW), na inilunsad sa kanilang bayan upang matugunan ang problema sa mga basurang plastik.

Ayon kay Salamat, ang mga recycled materials ay magagamit muli bilang sangkap sa paggawa ng mga hollow blocks at floor bricks.

"Sa wakas, ang mga basurang plastic sa ating palengke at mga barangay ay magiging sangkap na sa pag gawa ng mga hollow blocks at floor bricks. Ito po ang produkto ng ating Recycling Solid Waste On Wheels o RS WOW," ani Salamat.

"Ito po ang kauna-unahang teknolohiya sa ating bayan upang malutas ang ating usaping basura."

Samantala, ang mga nabubulok na basura ay gagawin naman umanong pataba o fertilizer.

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# HEPATITIS B

## Payo Ni Doc Willie Ong

Sa mga may hepatitis B, huwag kayo gaanong mangamba. Kaya natin labanan ito sa pamamagitan ng tamang kaalaman. Alam n'yo ba na 16% ng mga Pilipino ay may Hepatitis B? Karamihan sa kanila ay walang nararamdaman.

Ang hepatitis B ay isang virus na tinatamaan ang ating atay. Makikita ang virus sa dugo, laway, semilya at regla ng isang taong may hepatitis B. Kadalasan, ang hepatitis B ay panghabang-buhay.

Nakukuha ang hepatitis B sa 3 paraan: (1) napasa ito ng nanay natin noong tayo'y pinanganak, (2) nakipagtalik o nahawa sa isang taong may hepatitis B, at (3) nasalinan ng dugo na may hepatitis B.

Paano lalabanan ang hepatitis B?

Una, umiwas sa alak. Nakasisira ito ng atay.

Pangalawa, huwag basta iinom ng mga gamot o herbal supplements. Ipaalam muna sa doktor. May mga gamot na puwedeng makasira ng atay.

Pangatlo, healthy at clean living ang kailangan. Kumain ng masustansya. Matulog ng 7-8 oras. Huwag abusuhin ang katawan sa sigarilyo at puyat. Huwag din masyadong magpagod. Relax lang at palakasin ang katawan. Puwedeng mag-ehersisyo 3-5 beses bawat linggo.

Paano mag-iingat ang mga taong malapit sa pasyenteng may Hepatitis B?

Ang dugo ng isang hepatitis B carrier ay nakahahawa. Huwag gumamit ng pang-ahit, toothbrush, nail clippers at kutsara ng isang may hepatitis B.

Sa mga mag-asawa, siguraduhing protektado na ang iyong partner sa hepatitis B. Ang ibig sabihin ay positibo na siya sa Hepatitis B antibody (proteksyon ang antibody sa virus ng hepatitis. Kung hindi sigurado, gumamit ng condom sa pagtatalik.

Ang mga buntis na may hepatitis B ay dapat din magsabi sa kanilang doktor. May mga bakuna ngayon na tinuturok sa sanggol para hindi ito mahawa sa hepatitis B.

May gamot ba ang Hepatitis B?

Posible. May mga mamahaling gamot para sa hepatitis B, tulad ng Interferon at Lamivudine. Umaabot sa ilang libong piso ito. Depende sa examination ng dugo, may mga pasyente na puwedeng matulungan nitong mga gamot. Mag-konsulta sa isang gastroenterologist.

Ngunit kung gipit kayo sa budget ay puwede naman daanin na lang sa healthy at clean living. Mabisa din ito at mura pa. Good luck po.

# EDITORYAL

## Umaariba ang mga krimen

Amoy election na at amoy krimen na rin. Sa kasalukuyan, filing na ng certificate of candidacy (COC) ng mga tatakbo sa election na -matatapos sa Oktubre 8. Kahit na ang campaign period ay sa Pebrero pa, marami na ang pasimpleng -na-ngangampanya. Kapansin-pansin na ang mga nakadikit na campaign posters ng mga kandidato sa mga pader. Namumulaklak na sa rami ang mga nakasabit na tarpaulin at banners kahit saang sulok. Premature campaigning na hindi kayang kontrolin ng Commission on Elections (Comelec).

Ang nakaaalarma ay ang pag-ariba ng mga krimen na nagaganap sa maraming bahagi ng -bansa. May mga patayang nagaganap gaya ng pag-ambush. Bukod sa mga patayang nagaganap, naghahatid din ng takot ang mga nakawan sa banko at iba pang -establisimyento na tila konektado sa nalalapit na election.

Maraming naghahanap ng pondo para -gamitin sa kandidatura. At isa sa maaaring gawin ay mangholdap ng banko. Ang makagagawa lamang ng mga ganitong krimen ay ang private armed groups (PAGs) sapagkat sila lamang ang mga may armas. Gagawin nila ang lahat para sa pinagsisilbihang -pulitiko. -Gagawa sila ng paraan para makakulimbat nang -malaking pera na ipopondo sa kandidatura.

Nakaaalarma rin ang pagbabanggaan ng magkakalabang pulitiko. Palibhasa'y mayroon silang armadong grupo, walang takot na magpatayan para makuha ang hinahangad na puwesto. Marami nang nagaganap na pag-ambush ng mga pulitiko na masasabing may kinalaman sa election. Marami na ring mga pagbabanta sa magkakalaban.

Noong Miyerkules, hinagisan ng granada ang ancestral house ni Deputy Speaker Rufus Rodriguez sa Cagayan de Oro City. Hindi pumutok ang granada.

Noong Miyerkules din, pinagbabaril ng mga armadong kalalakihan ang kotseng sinasakyan ng vice mayor aspirant sa Maguindanao. Nakaligtas si Sam Zailon Esmael subalit napatay ang kanyang bodyguard.

Filing pa lang ng COCs pero umaariba na ang karahasan. Paano kung kampanyahan na? Maghanda na ang Philippine National Police (PNP) at tiyakin na magiging mapayapa ang darating na election. Paigtingin ang pagbabantay sa election hotspots.

# Result of drug war probe will be revealed: DOJ

MANILA – The public will be fully informed in due time of the result of the review of incidents related to the administration's campaign against illegal drugs.

Department of Justice (DOJ) Secretary Menardo Guevarra, addressing the speech of United Nations (UN) Human Rights High Commissioner Michelle Bachelet who called on transparency during the UN Human Rights Council's 48th session in New York on Thursday, said the results will be made public.

"The government has no intention of keeping its review and investigation of the anti-illegal drug campaign secret, as this matter is openly reported to the people as the process goes along," Guevarra said on Friday via text message.

Guevarra reiterated that President Rodrigo Duterte gave the DOJ a free hand to release recommendations on handling cases arising from operations by law enforcement agencies.

"Our recommendations to let the NBI (National Bureau of Investigation) build-up and file the appropriate cases against erring law enforcement agents have been effectively approved when the President stated before the UN General Assembly that he had directed the DOJ and the PNP (Philippine National Police) to review the conduct of the entire drug war," Guevarra said.

The Philippine Permanent Mission to the United Nations in Geneva, in a statement on Thursday, said the DOJ is closely monitoring the preliminary investigation and prosecution of 87 criminal cases lodged against over 100 law enforcement personnel.

"Our authorities are further strengthening disciplinary and accountability mechanisms with a human rights information system on violations and compliances by the 200,000-strong police force nationwide," the statement read.

On Wednesday, Guevarra said a formal agreement began to take shape between the NBI and PNP for the bureau to look into cases of alleged irregularities in anti-drug operations identified by the police.

DOJ officials met on Tuesday with the NBI, led by Officer-in-Charge Director Eric Distor, regarding procedures to be followed during investigations.

The PNP also said it is ready to turn over drug campaign documents.

"I encourage publication of the panel's findings so its work can be evaluated," Bachelet said in her speech. "We encourage [the Philippines] to also involve the national human rights commission and other relevant actors including by sharing information on cases under investigation to ensure an effective and victim-centered process." (PNA)

***EDITOR'S NOTE:***
All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph Est. 2019 MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## PH birth rate drop amid pandemic lowest in 34 years

MANILA – The Commission on Population and Development (PopCom) projected an increased birth rate when the Covid-19 pandemic started as more families stayed home and access to family planning methods is limited.

Instead, there was a significant drop in the number of births in 2020, with just 1,516,042 million registered -- the lowest since 1986, which recorded 1,493,995 births.

Based on a preliminary report of the Philippine Statistics Authority as of June 2021, the total is also lower than 2019's 1.675 million.

The country likewisse saw the lowest number of marriages in the last 20 years in 2020, as 240,183 couples wed last year, or 44 percent fewer than the 431,972 who tied the knot in 2019.

Undersecretary for Population and Development Juan Antonio Perez III attributed the birthrate decline to the combined impacts of fewer marriages, women delaying pregnancies during the pandemic, and the increase in women using modern family planning methods.

"What we feared at the onset of the pandemic did not happen," Perez said in a news release on Sunday. "From the PSA numbers, it is clear Filipino women are deciding to delay having children, and families are deferring, or avoiding, to have more kids, as they were made well-aware of the possible hardships and inconveniences in securing medical, as well as family planning services, since the pandemic has severely impeded health care systems."

Despite travel restrictions and limited local health care capacities, Perez is also pleased with the outcome of family planning services in 2020, with the addition of 400,000 users nationwide, bringing the total to more than 8 million protected Filipino men, women and couples.

Concerted efforts by the national government in support of local government family planning services, allied agencies, as well as stakeholders from the public and private sectors, raised the level of Filipinos' awareness and interest on the potential risks of conceiving and giving birth during the health crisis.

PopCom has also sought to expand community-based family planning services through its National Program on Population and Family Planning, which began in 2019.

**Concerns, projections**

Perez noted the Social Weather Stations' November 2020 survey, which disclosed that unintended or unplanned pregnancies were among major concerns of a majority of Filipino women during the pandemic's progression.

They were also anxious about Covid-19's effects on their well-being as well as their families, their unborn children, and the country's overall condition, according to the study

The slowing trend of marriages, pregnancies, and childbirths will likely continue this year, Perez said.

"The number of those who gave birth between January and March 2021 were at 268,000, compared with the normal trend of 350,000. If that continues, we can see an even smaller addition to the population by year-end," he said.

He also said there may be instances of delays in the registry of births, more so in the provinces, as midwives may have met difficulties in reporting them due to the pandemic.

**Fertility decline**

The country's fertility rate is currently at 2.5 births per woman, from a high of 6 in the 1960s.

Perez sees the situation normalizing post-pandemic when fertility and the steadily dipping number of marriages will see a possible rebound, similar to what occurred after World War II.

"Filipinos will eventually learn to live with Covid-19. As such, we may see increased births after the era of Covid, with family planning helping couples avoid unplanned pregnancies, unlike in the late 1940s and 1950s when there was no family planning program," he said.

As for the dip in marriages, Perez opined that Filipinos may have become more "informal" in their relationships.

In 2003, 593,553 couples tied the knot.

"As such, PopCom will devote a significant amount of its energies on young people who are now living together, and are having difficulty in acquiring family planning services, under its recent mandate to address the root causes of teen pregnancy," he said.

Perez said family planning is just as vital in a health crisis, as it is a means to cope after the pandemic.

"Alleviating poverty and the ability to plan one's life should go together," Perez said. (PR)




## GUHIT NG KAPALARAN

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Mag-practice ng meditation. Makakatulong ito na mapakalma ang sarili, lalo na sa harap ng matinding pasaway. Isang hindi inaasahang tawag sa telepono ang matatanggap. Lucky numbers at color for the day ang 33, 26, 49, 53, 13 at raspberry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang lahat ng iyong pagsisikap ay matatag na tuntungan para maabot ang mga pangarap. Lucky numbers at color for the day ang 15, 37, 52, 42, 26 at cobalt blue.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Darating ang tulong sa pinakatugmang pagkakataon. Kaya sa halip na mabahala, magpatuloy lang. Lucky numbers at color for the day ang 45, 31, 56, 12, 22 at tangerine.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) ang susing yaman. Ito ang mag-aangat sa iyong pagkatao at sa iyong buhay. Lucky numbers at color for the day ang 17, 17, 39, 48, 57 at cinnamon brown.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Masaya ka sa balitang matatanggap. Alalahanin ang mga taong hindi ka iniwan, magpasalamat. Lucky numbers at color for the day ang 45, 15, 55, 36, 27 at marigold yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Ang pintas ng kapwa ay hindi maiiwasan, pero may magagawa para hindi maapektuhan. Dedma ka lang. Lucky numbers at color for the day ang 15, 36, 47, 55, 22 at fire red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Darating ang investor na magpapalago sa iyong kabuhayan. Makakabayad ka sa utang. Lucky numbers at color for the day ang 1 6, 43, 26, 37, 56 at sapphire blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Mararanasan ang katotohanan sa piling ng tunay na nagmamahal. Lumayo sa tsismoso. Lucky numbers at color for the day ang 39, 16, 23, 57, 43 at lavender.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Kasama ka sa tatanggap ng insentibo dahil sa kasipagan. Maging masinop sa kita. Lucky numbers at color for the day ang 39, 47, 16, 52, 23 at shocking pink.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Mabibili mo na ang kailangang gadget dahil sa isang maagang pamaskong darating. Lucky numbers at color for the day ang 25, 12, 35, 59, 45 at tangerine.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Sa'yong kakulitan, may mapipikon. Tantanan na, bago kapa matsismis na type mo siya. Lucky numbers at color for the day ang 15, 45, 37, 52, 26 at lilac violet.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Matutuklasan ang diwa ng karunungan. Isa-isang malulutas ang pinagdaraanang pagsubok. Lucky numbers at color for the day ang 46, 35, 56, 17, 23 at pearl white.

## MRT-3 resumes full operation after fire

MANILA – The Metro Rail Transit Line 3 (MRT-3) management on Sunday said it has resumed full operations with 17 trains running from north to south bounds.

This, after one its cars caught fire between Buendia and Guadalupe stations on Saturday night, injuring at least four passengers.

In a statement, MRT's maintenance provider Sumitomo Corporation said it is currently conducting investigation with the MRT-3 management to identify the root cause of the incident.

It assured the public it is taking countermeasures to ensure the safety of MRT-3 operation.

"All angles are being thoroughly examined. Again, we express our apologies for those injured and wish for their speedy recovery," it said.

The MRT-3 management said its rescue personnel attended to the three ladies and one gentleman who sustained bruises on their legs after jumping off the train to the mainline tracks.

Authorities declared the fire out at 9:51 p.m.

In November 2019, an MRT-3 train car emitted smoke while moving south from the Santolan station. Over 500 passengers had to be unloaded. (PNA)

MINI STOP

Jollibee

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 33 OCTOBER 11 - 17, 2021 10.00

## PILOT RUN NG LIMITED FACE-TO-FACE CLASSES, SISIMULAN SA NOBYEMBRE

Nakatakdang masimulan ang pilot implementation ng limited face-to-face classes sa darating na Nobyembre 15 batay sa anunsyo ng Department of Education (DepEd) nitong Miyerkules, Oktubre 6.

"We start on November 15, the face-to-face classes and tinaon po natin doon sa pilot schools, tinaon po 'yan natin sa umpisa ng academic quarter two ng ating school calendar," ayon kay DepEd Usec. Atty. Nepomuceno Malaluan.

Inaasahan na magtatapos ang inisyal na implementasyong ito sa Disyembre 22 matapos ang ihahaing assessment, kung saan matatapos naman ang pilot run sa buwan ng Enero 31 sa susunod na taon.

Mula rito ay susuriin ng DepEd ang mga eskwelahan



na sumailalim sa nasabing pilot run upang may mapalawig pa ang proposal ng nasabing system kay Pres. Rodrigo Duterte sa buwan ng Pebrero.

Kung sakaling aprubahan, posibleng mapalawig at maipagpatuloy ang face-to-face classes sa March 7, 2022.

Matatandaan na pumayag ang Pangulong Duterte nitong buwan ng Setyembre na magkaroon ng limited face to face classes sa mga lugar na hindi gaanong nakapagtatala ng COVID-19 cases sa bansa.

## BAGONG SUSTAINABLE FARM, TOURISM SITE, IPINASILIP SA ALFONSO




Ipinakita ni Mayor Randy Salamat ang bagong sustainable farm at tourism site sa bayan ng Alfonso nitong Biyernes, Oktubre 8.

Bukod sa bamboo nursery, meron rin itong farm to table resort at restaurant, gayundin ang training center na kung saan maaaring matutunan ng mga local farmers ang farming techniques.

Dagdag ng alkalde, 70% ng mga manggagawa rito ay mga residente ng nasabing bayan batay sa kaniyang naging direktiba bukod sa karagdagang impormasyon na sustainable at eco-friendly ang nasabing site.






## HOT MEALS ON WHEELS NG RED CROSS, PUMUNTA SA CAVITE

Upang mabigyan ng lutong pagkain ang nasa 200 apektadong residente ng lockdown, ipinadala ng Philippine Red Cross (PRC) ang "Hot Meals On Wheels" sa lalawigan ng Cavite.

"Patuloy ang ating paghahatid ng pag-asa sa pamamagitan ng food truck sa Cavite upang matulungan ang naapektuhan ng lockdown," pahayag ni PRC Chairman and Chief Executive Officer (CEO) Richard Gordon nitong Miyerkules.

Sinabi ni Gordon na ang kanyang puso ay malapit sa Cavite dahil sa kanyang lola na nagmula sa lalawigan.

"Gayun pa man, kahit saan man sulok ng bansa, walang maiiwan sa panahon ng pandemya, at ang Red Cross ay nariyan kung saan ang tulong ay kailangan (However, in any corner of the country, nothing will be left behind during the pandemic, and the Red Cross is there where help is needed," dagdag nya.

Ang "Hot Meals On Wheels" ay nagsilbi sa mga taong may kapansanan, solo parents, at mga matatanda sa Brgy. Poblacion 2 at 4 sa Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite noong Oktubre 5.

Patuloy na naglalabas ng "Hot Meals On Wheels" ang PRC Cavite Chapter, na pinangunahan ng tagapangasiwa nitong si Luz Acencio, upang magbigay ng agarang tulong sa pagkain sa mga pinaka-mahina o most vulnerable na indibidwal ng Cavite.

## SIKLISTANG NATAGPUAN SA KAWIT, PATAY SA PAMAMARIL; BISIKLETA, NAWAWALA

Isang siklista ang natagpuang nakahandusay sa Abaya Road, Barangay Tabon, Kawit, Cavite, dakong alas nuwebe ng gabi noong Oktubre 3.

Batay sa ulat ng GMA News 'Unang Balita', inakala noong una na nasagasaan ang biktimang si Kenneth Ponce dahil nakita siyang duguan sa nasabing lugar. Ngunit lumabas sa paunang imbestigasyon ng pulisya na binaril pala ang siklista.

Kaagad siyang dinala sa ospital ngunit sa kasamaang palad ay idineklarang dead on arrival.

Ayon sa naging medico-legal investigation, tama ng bala sa likod na dumeretso sa kanyang puso ang naging sanhi ng pagkamatay ng biktima.

Sa kasalukuyan ay iniimbestigahan pa ng pulisya ang anggulong pagnanakaw sapagkat hindi pa rin nakikita ang bisikleta ng biktima.

## RESBAKUNA ON WHEELS SA SILANG, PATULOY NA UMAARANGKADA




Patuloy ang pag-arangkada ng ResBakuna On Wheels sa Silang, Cavite upang mabigyan ng proteksyon kontra COVID-19 ang mga mamamayan nito.

"Nakapagtala na tayo ng 55, 526 na naturukang Silangueños. Atin pa rin ibinababa ang alokasyon ng bakuna sa ating mga barangay upang mapabilis ang pagkolekta ng datos at maturukan na ang nakararaming Silangueño partikular ang mga bulnerableng sektor tulad ng APOR, senior citizen, buntis at iba pa," pahayag ni Silang Mayor Corie Poblete sa kaniyang pabatid sa Facebook

ARMYNAVY BURGER + BURRITO
Mang INASAL